

Mga Mungkahi para sa 2022

Ang Maging Mga Manlilikha ng Pagkakaisa

Ang tulongang lumago ang pagkakaisa, ang paglikha ng mga bigkis sa mga tao: ito ang isa sa mga pinakamalaking hamon ng ating panahon.

Naisalarawan ang kasalukuyan ng mga magkakasalungat na pagsulong.

Sa isang banda, ang sangkatauhan ay mas higit na nagkakamalay kung paanong ito ay kakabit at kaugnay sa buong sangnilikha. Gawa ng pandemya, napagtanto nating muli na tayo ay iisang pamilya ng sangkatauhan; sama-sama tayong dumaranas ng ilang mga paghihirap at mapagtatagumpayan lamang natin ang mga ito nang sama-sama.

Sa kabilang banda, ang mundo ay nagiging mas hati sa paraang panlipunan, pampulitika at pang-etikal. Naghahatid ito sa mga bagong lamat sa mga lipunan, sa pagitan ng mga bansa at kahit sa loob ng mga mag-anak. Hindi ligtas ang mga Kristiyano sa mga tunggaliang ito. Sa pagitan ng mga Simbahan, at maging sa loob ng mga ito, ang mga pagkakaiba-iba ay lumalawak at nagiging mga pagkakawatak-watak, sa mismong panahon kung kailan ang ating pagsaksi sa kapayapaan, sa tanan nating mga pagkakaiba-iba, ay magiging lubhang mahalaga.

Sa ilang mga bansa ngayon, ang mga tunggaliang ito ay sinasamahan pa ng napakalaking pagkawala ng tiwala sa mga sambayanang Kristiyano sanhi ng pagbubunyag ng mga pag-atakeng sekswal at pang-aabusong espirital na ginawa sa loob ng mga ito. Namalas ng maraming tao ang pagkakanulo ng kanilang tiwala. Sa Taizé, tulad sa iba pang lugar, nitong mga huling taon ay nagsasagawa kami ng isang proseso ng pagpupunyagi sa katotohanan hinggil sa mga seryosong tanong na ito. At hangad naming gawin ang lahat ng aming kaya upang ang Taizé ay maging isang ligtas na lugar para sa bawat tao <www.taize.fr/protection>.

Ang Simbahan ay tinatawag na maging lugar ng pagkakaibigan para sa lahat. Para sa layong ito, isang radikal na pagbabagong-loob ang kinakailangan ngayon mula sa katapatan sa mensahe ng Mabuting Balita. Si Kristo, sa pamamagitan ng Kanyang pagmamahal na humantong hanggang sa punto ng paghahandog ng sarili, ay nagbukas ng isang bagong bukal kung saan ay makasasalok tayo ng lakas para mamuhay bilang mga magkakapatid, para isulong ang dangal ng bawat tao, at para alagaan ang sangnilikha. Hinihingi sa atin ni Kristo, sa pamamagitan ng ating

pakikipag-isa bilang magkakapatid, na tayo ay maging tanda na Siya ay dumating upang pagkaisahin ang lahat ng tao sa pag-ibig ng Diyos.

Nais kong maanyayahan tayo ng mga mungkahing ito para sa 2022 na tanungin ang ating mga sarili: anong papel ang maaari nating gampanan para tulungang lumago ang pagkakaisa sa pamilya ng sangkatauhan at kasama ang lahat ng sangnilikha, kasama ang mga malalapit sa atin, sa ating mga Simbahan at sambayanan, at maging sa sarili nating mga puso?

Br. Alois

Prior ng [Taizé Community](#)

- *Ang bawat isa sa anim na mga mungkahi ay sinusundan ng isang teksto upang tulungang palalimin ang ating pagninilay. Ang mga maikasing sipi na ito ay sisiyasatin pa sa mga artikulong nasa website, sa mga podcasts at sa mga workshops na ilalahad sa Taizé.*
- *Ililimbag online ang mga sanggunian at komentaryong mula sa Bibliya para sa bawat isa nitong anim na mga mungkahi. Ang mga ito ang pupukaw sa pagpili ng mga tekstong gagamitin sa bible introductions sa Taizé. Tingnan www.taize.fr/bible*

Ang pilgrimage of trust sa 2022

Bagamat patuloy na nararamdaman ang mga epekto ng pandemya, umaasa kaming kakayaning ituloy ang pilgrimage of trust sa Taizé at sa iba pang lugar:

- Sa buong taon, mga lingguhang pagtatagpo sa Taizé.
- Mula Mayo 08 hanggang 15, isang pilgrimage sa Terra Santa (Holy Land).
- Mula Hulyo 13 hanggang 17, isang pagtatagpo ng pagkakaibigan sa pagitan ng mga kabataang Muslim at Kristiyano.
- Mula Agosto 21 hanggang 28, isang linggong pagninilay para sa mga 18-35 taong gulang.
Sa linggong ito, yaong mga may nais ay maaaring makibahagi sa isang natatanging programa ukol sa pagsasanggalang sa biodiversity.
- Mula Disyembre 28 hanggang 2023 Enero 01, ang susunod na European meeting – ang lokasyon ay ipapahayag sa Torino.

Unang Mungkahi | *Ang Kaligayahan ng Pagtanggap*

Lahat tayo ay makapag-aambag sa isang kinabukasan ng kapayapaan at pagkakaisa sa pamilya ng sangkatauhan. Nagsisimula ito sa mga ugnayang binubuo natin sa isa't isa. Kailangan nating alagaan ang bawat isa, sa ating mga pamilya, sa ating mga kamag-anak at kaibigan, lalo na sa mga panahon ng pagsubok.

Lumalawak din ang pagkakaisa ng pamilya ng sangkatauhan sa tuwing ibinubukas natin ang ating mga sarili doon sa mga ang pinanggalingan ay iba sa atin. Pwede ba tayong tumungo sa kanila nang mas malimit, kasama yaong mga hindi natin nilalapitan nang kusang-loob? Madalas magugulat tayong makatanggap mula sa kanila ng hindi natin sukot akalain.

Kung hindi natin hahayaang maparalisa tayo ng ating mga pag-aatubili o takot, tayo ay mabibiyayaan ng kaligayahan ng pagtanggap. Ang sarili nating pagkakakilanlan ay natatagpuan natin sa ating ugnayan sa iba, at maaari pa nila tayong matulungan na umahon mula sa mga panahon ng kalungkutan sa ating kalooban at magbigay kabuluhan sa ating pag-iral.

Sa isa sa mga talinghagang isinasalaysay ni Hesus, isang taong sugatan ang tinulungan ng isang dumaraang dayuhan. Sa ginawa niyang ito, yaong taong ito ay nakipagsapalarang lampasan ang mga balakid na etniko, politikal at pangrelihiyon. Hindi ba't yaong kusang loob na gawain kung saan siya ay naging kapwa sa sugatang tao ang nagbigay kabuluhan sa kanyang buhay sa araw na iyon? Hanggang ngayon, naaalala natin at tayo ay inspirado ng tauhang ito, ang "mabuting Samaritano" (Lukas 10:29-37).

*"Isa sa mga kasabihan sa aming bansa ay **Ubuntu** - ang pinakabuod ng pagiging tao. Partikular na inilalahad ng **ubuntu** ang katotohanan na hindi ka maaaring umiral bilang isang tao nang nag-iisa. Ipinapahayag nito ang ukol sa ating pagkakaugnay-ugnay. Masyadong malimit nating iniisip ang ating mga sarili bilang mga indibidwal lamang, nakahiwalay sa iba, samantalang ikaw ay nakaugnay at kung ano ang ginagawa mo ay nakaaapekto sa buong mundo."*

Mula kay Anglikanong arsobispo emerito Desmond Tutu, isang tauhan sa laban kontra apartheid at para sa pagkakasundo sa Timog Africa.

Ikalawang Mungkahi I ***Pagpapaunlad ng Diyalogo***

Ang pagtulong sa pagpapalago ng pagkakaisa ay nangangailangan una sa lahat ng paglikha ng mga bigkis ng pagtitiwala. Ngunit mas madalas na ang mga ugnayan ng tao ay nanganganib dahil sa paghihinala. Nagiging mas karaniwan ang karahasang pasalita sa debate publiko at sa social media, at ang mga tao ay napapaandar ng takot. Paano tayo dapat tumugon sa ganitong mga pagkalahis?

Pwede nating piliin na makinig at pumasok sa diyalogo. Hindi nito ibig sabihin na sinasabi natin doon sa isa na sang-ayon tayo sa opinyon niya kung hindi naman ito ang kaso, ngunit sa halip ay ginagawa natin ang lahat ng kaya natin upang ipagpatuloy ang pakikipag-usap sa mga taong iba ang pag-iisip kaysa sa atin. Subukan natin at gawin ang lahat ng nasa ating kakayahan upang iwasan ang pagkasira ng diyalogo.

Manindigan tayong hindi tatatakan ang sinuman, at hindi magpapasa ng mga pagkiling. Walang sinuman ang dapat na minamaliit hanggang sa isang partikular na kilos o opinyon nila. At ang hindi pagsang-ayon, maging radikal man ito, ay maaaring ipahayag nang walang dahas, bagaman dapat nating aminin na minsan, sa harap ng ilang mga sitwasyon ng kawalan ng katarungan, ang galit ay dapat maipahayag.

May mga kilos-pabalik ng pagpoprotekta sa sariling pagkakakilanlan na nagpapalala sa mga lamat sa ating mga lipunan, at ito ay totoo rin sa mga Kristiyanong sambayanan. Imbes na tukuyin natin ang ating sarili nang kontra sa iba, maaari ba tayong bumuo ng pagkakakilanlan at isang diwa ng pagiging kabilang nang hindi isinasantabi ang pagiging bukas sa iba?

"Ang pinakatotoo at pinakamatalik na pagkakaibigan ay maaaring umiral sa pagitan ng mga taong magkaiba mag-isip tungkol sa mga mahahalagang bagay. Natural na may kalakip itong sangkap ng sákit, ngunit ginagawa nitong mas kamahal-mahal sa atin ang ating kaibigan."

Mula sa pilosopong Pranses na si Jacques Maritain noong 1970.

Ikatlong Mungkahi | ***Tayong Lahat ay Magkakapatid***

Ang pagtulong sa pagpapalago ng pagkakaisa ay nangangahulugang pagtangga sa mga hindi pagkakapantay-pantay na panlipunan. Nagmumula ang ilang mga polarisasyon sa pag-etsa pwera na pinagdurusahan o nararamdaman ng napakaraming tao, at maging ng mga buong bansa.

Kasama ang mga Kristiyano ng lahat ng mga Simbahan, kasama ang mga mananampalataya ng iba't ibang mga relihiyon, kasama ang mga taong may mabubuting kalooban na hindi naniniwala sa Diyos, maaari tayong maging kaisa ng mga taong nasa mga mapanganib na kalagayan, kasama yaong mga isinantabi, kasama ang mga migrante na ang buhay-paglalakbay ay kadalasang markado ng matinding pagdurusa.

Ang pamumuhay bilang magkakapatid ay nagsisimula sa ating pintuan. Lampasan natin ang mga pagbubukod-bukod at lumikha ng pagkakaibigan. At makikita natin na ang ating mga puso ay nagiging mas bukas, mas malawak, mas makatao. Alam ba natin kung hanggang saan maaaring magkaroon ng dating ang personal nating paraan ng pamumuhay kahit sa kabilang dulo ng mundo?

Para sa mga mananampalataya, ang pamumuhay bilang magkakapatid ay hindi maihihiwalay sa pananampalataya. Sinabi ni Hesus, “Nang gawin ninyo ito sa pinakahamak sa mga kapatid kong ito, sa Akin ninyo ito ginawa” (Mateo 25:40). Sa pagparito sa mundo, naging kaisa si Kristo Hesus sa bawat tao. Napapalapit tayo sa Kanya kapag tumutungo tayo papunta sa mga nasugatan ng buhay; binibigyan nila tayo ng kakayahang pumasok sa isang mas malalim na ugnayan sa Kanya.

“Ang pinakamalaking hamon ng kasalukuyan ay: paano makalikha ng isang rebolusyon ng puso, isang rebolusyon na kailangang magsimula sa bawat isa sa atin. Kapag sinimulan nating kunin ang pinakamababang lugar, hugasan ang mga paa ng iba, mahal in ang ating mga kapatid nang may nag-aapoy na pagmamahal, ng pagsintang iyon, na naghatid sa krus, gayon ay mawiwika nating tunay, 'Ngayon ay nagsimula na ako.'”

Mula sa Amerikanong mamamahayag na si Dorothy Day, na nasa harapan ng pakikibaka para sa karapatang pantao, noong 1963.

Ikaapat na Mungkahi | ***Kaisahan sa Buong Sangnilikha***

Ngayon, nakikita natin nang mas malinaw ang pagkakaisa ng sangnilikha. Ipinababatid sa atin ng pagtutulungan ng lahat ng may buhay na tayo, sa isang pagtingin, ay mga kapatid ng lahat ng nabubuhay. Para sa mga mananampalataya, ang ating kahanga-hangang planeta ay isang regalo na ipinagkatiwala ng Diyos sa atin at kailangan nating ipamana sa susunod na salinlahi.

Nakikita natin ngayon kung gaano pinahihina ng gawain ng tao ang planeta. Sa kamakailan lamang, nakaapekto sa napakaraming bahagi ng mundo ang mga sakunang pangkalikasan at mga napakatinding pangyayari sa klima. Parami nang parami ang mga taong mapupuwersang lisanin ang kanilang mga tinubuang lupa, na hindi na maaaring tirahan, dahil sa mga krisis na ito. At ilang dekada na ngayon, isang malaking lupon ng pagsasaliksik ang nagbababala na sa atin tungkol sa pagkawasak ng biodiversity.

Sa harap nitong mga ecological emergencies, ang mga pagtugong politikal, mga pagpapanibagong siyentipiko at mga pagpiling panlipunan ay napakahalaga. Maraming mga kabataan ang nagsasagawa ng mga matapang na pagpapasiya, ngunit totoong may ilan sa kanila na pinapasok ng pagkabigo at galit marami rin sa kanila ay pinangungunahan ng pagkasiphayo at takot -- at ito ay naiintindihan.

Hindi tayo dapat panghinaan ng loob para sa lahat ng iyan! Kadalasan ang pagsisimula nang may "halos wala" ang pag-uumpisa ng isang pagbabago. Para sa mga mananampalataya, ang pananalig sa Diyos ang nagpapasinaya ng isang pagtatalaga at tiwala sa kakayahan ng mga tao na tumugon sa mga krisis na ito. Pwede ba nating lahat tanungin ang ating mga sarili: anong konkretong hakbang, gaano man ito kaliit, ang kaya kong dalhin sa malapít na hinaharap upang umpisahan o palalimin ang isang pagbabagong pangkalikasan?

"Tayong lahat - sinuman at nasaan man tayo - ay maaaring gumanap ng isang papel sa pagbabago ng ating kolektibong pagtugon sa walang katulad na banta ng pagbabago ng klima at pagkasira ng kalikasan. Ang pangangalaga para sa sangnilikha ng Diyos ay isang atas espiritwal na nangangailangan ng isang pagtugon ng pagtatalaga. Ito ay isang kritikal na panahon. Nakasalalay dito ang kinabukasan ng ating mga anak at ang kinabukasan ng ating tahananang panlahat."

Magkasanib na pahayag nina Papa Francisco, Patriarka Bartolome at Arsobispo Justin Welby ng Canterbury, 2021 Setyembre 01.

Ikalimang Mungkahi | *Isang Masidhing Damdamin para sa Pagkakaisa ng mga Kristiyano*

Ang paghahanap para sa pagkakaisa ay isang malaking hamon para sa mga Kristiyano. Paano tayo magiging sanhi ng kapatiran kung pinananatili natin ang ating mga pagkakawatak-watak? Kay Kristo nakatatagpo tayo ng isang natatanging bukal ng pagkakaisa (Juan 17:20-21; Efeso 2:14). Sa pamamagitan ng pag-aalay ng Kanyang buhay sa krus, nagtungo Siya sa pinakahangganang ng isang pagmamahal na ginugunaw ang poot at ang mga harang sa pagitan ng mga tao.

Tinatawag tayo ng Mabuting Balita na lampasan ang mga pagkakahati-hati at magbigay saksi na posible ang pagkakaisa sa kabila ng malaking pagkakaiba-iba. Hindi ba iyan ay isang partikular na mahalagang ambag na ang mga Kristiyano ay inaanyayahang ialay upang ang pamilya ng sangkatauhan ay makapamuhay nang sama-sama bilang magkakapatid? Ang ganitong uri ng pagsaksi ay nangungusap nang mas malakas kaysa mga salita.

Hinihimok tayo ng Mabuting Balita na linangin ang sining ng paglikha ng pagkakaisa. Lahat tayo ay maaaring maging mga manlilikha ng pagkakaisa sa pamamagitan ng pagbubuo ng mga koneksyon ng pakikinig at pagkakaibigan nasaan man tayo.

Sa diyalogo sa pagitan ng mga Kristiyanong denominasyon, ang mga pagkakaibang natitira ay dapat kunin nang taimtim at ang pananaliksik na teolohiko ay kailangan-kailangan. Ngunit ang diyalogo sa ganang sarili nito ay hindi nagdadala tungo sa lantad na pagkakaisa.

Upang umusad, tayo ay dapat magtipon nang mas madalas sa pagitan ng mga binyagan ng iba't ibang Simbahan, sa isang panalanging panlahat na nakasentro sa Salita ng Diyos. Malay natin? Maaari tayong sopresahin ng Espiritu Santo. Maaari nating matuklasan na si Jesus ang Siyang nagbubuklod sa atin, na ang pag-ibig ni Kristo ay magniningning nang mas malinaw na malinaw kapag buong kababaang-loob nating kinikilala ano ang kulang sa atin at kapag binubuksan natin ang ating mga sarili sa kung ano ang maaari nating tanggapin mula sa iba.

"Ang mahalagang bagay ay pagtanggap upang magbigay at tumanggap mula sa isa't isa. Hindi ang mahulog sa isang dogmatikong relatibismo, ngunit ang pag-abot sa punto kung saan nauunawaan natin na ang mga mahahalaga sa pananampalatayang apostoliko ay maaaring maipahayag sa mga magkakaiba ngunit nagtatagpong linya. At para sa iba, ang magtiwala at maghintay sa isang panibagong pagbuhos ng Espiritu at ang maging handa na tanggapin ito."

Mula kay Elisabeth Behr-Sigel, isang teologong Orthodox, noong 1986.

Ikaanim na Mungkahi | ***Hayaang Pag-isahin ng Diyos ang Ating mga Puso***

Ang pagtulot sa pagkakaisa upang lumago ay nangangailangan ng pagtatalaga ng ating buong pagkatao, na siyang nagsisimula sa kaibuturan ng ating puso. Sa mga salita ng isang matandang awit, umaakyat sa Diyos ang ating dasal: “Ilakip mo ang aking puso upang matakot sa iyong pangalan” (Awit 86:11).

Upang tumungo sa isang pagkakaisang panloob, hindi ba kinakailangan na minsan ay ayusin ang ating mga pagnanasa, nang tinatanggap na hindi natin kayang gawin o danasin ang lahat ng bagay? Kung maraming posibilidad ang nasa harap natin, sikapin nating pag-isipan kung alin doon ang aakay sa atin tungo sa kapayapaan, kaliwanagan at kaligayahan.

Sa loob natin mayroong malalim na pagkauhaw para sa pakikipag-isa at pagkakaisa na dumarating sa atin mula sa Diyos, at maaari natin itong maipahayag sa panalangin. Kahit sa kakaunting salita, ang pananatili sa katahimikan mag-isa sa piling ng Diyos ay tumutulong sa atin upang matagpuan ang kahulugan ng buhay at pinapanibago ang ating kahandaan na hayaang kumilos ang Espiritu Santo sa atin.

Upang matagpuan ang pagkakaisa ng puso, isang landas ang laging posible: ang pagbaling ng ating mga mata kay Kristo Jesus, ang pagkatuto upang mas makilala pa Siya, ang pagkakatiwala ng ating mga kagalakan at kaguluhan sa Kanya. Kahit sa gitna ng mga paghihirap, kahit kakaunti ang mga katiyakan tungkol sa hinaharap, maaari nating ipagpatuloy ang ating paglalakbay nang unti-unti sa ganitong paraan, nagtiwala na, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, si Kristong muling nabuhay ay lagi nating kasama.

“Ang pagpasok sa katahimikan ay nangangahulugang pakikinig sa Diyos, pag-alis ng lahat ng humahadlang sa atin sa pakikinig o pagdinig sa Diyos. Nangangahulugan ito ng pakikinig sa Diyos saan man Niya ipinapahayag ang Kanyang kalooban, sa panalangin at sa labas ng panalanging gayon. Kailangan natin ang katahimikang ito upang gawin ang kalooban ng Diyos, ang katahimikang pinalawig ng yaong iba pang disposisyon ng ating mga sarili na labis nating binabalewala... o hinahamak natin dahil sa kamangmangan — pag-alaala. Kailangan nating "kolektahin" ang mga bakas, ang mga pahiwatig, ang mga paanyaya, ang mga utos ng kalooban ng Diyos tulad ng magsasaka na nagtitipon ng kanyang ani sa kamalig, tulad ng mananaliksik na nagtitipon ng mga resulta ng isang eksperimento.”

Mula sa Pranses na manunulat at social worker na si Madeleine Delbr el, noong 1968.